## Buod ng Ulat

# IKI Pagsusuri sa Kalagitnaan ng Proyekto

# Pinagsamang Aksyon sa Klima sa Lungsod para sa Mababang Carbon at

# Matatag na mga Lungsod (Urban-Act)

# 22_I_416_Asia_G_Urban-Act Pinagsamang Aksyon sa Klima

Tagapayo:

Andrea Queiroz de Souza
Mario Donga
Sriparna Sanyal Iyer

FAKT GmbH
Hackländerstraße 33
70184 Stuttgart Alemanya
info@fakt-consult.de

03 Marso 2026

Kontratista:
Zukunft – Umwelt – Gesellschaft (ZUG) gGmbH

# 1 Buod

## 1.1 Background ng proyekto at ng Pagsusuri sa kalagitnaan ng pagpapatupad nito[1]

**Konteksto ng proyekto at pangunahing layunin**

Ang paksa ng International Climate Initiative (IKI) Mid-Term Evaluation (MTE) na ito ay ang proyektong "**Integrated Urban Climate Action for Low-Carbon & Resilient Cities (Urban-Act)",** na isinasagawa ng Deutsche Gesellschaft für Internationale Zusammenarbeit GmbH (GIZ) at ng mga kaanib nito sa limang bansa (India, Thailand, Pilipinas, Tsina at Indonesia). Ipinapatupad ang proyekto sa konteksto ng mabilis na paglago ng mga lungsod sa Asya na humaharap sa tumitinding panganib na may kaugnayan sa pagbabago ng klima, lumalaking pagkalugi at pinsala na dulot ng mga pagbabago sa klima, at tumitinding bunto o presyon sa mga imprastruktura at mga ekosistema ng lungsod. Sa ganitong kalagayan, layunin ng proyekto na palakasin ang pagpapa-unlad sa mga kalungsuran na sensitibo sa klima sa pamamagitan ng pagsuporta lalo na sa mga sentrong lungsod na nag-uugnay sa iba pang mga lungsod at mga karatig na lugar, at sa mga pambansang institusyon, sa pagsama ng usaping pang-klima (angkop na pagtugon sa pagbabago ng klima), mababang gamit ng carbon sa usaping pagpapa-unlad (pagpapagaan sa epekto ng pagbabago ng klima) at sa mga pamamaraan ng tinatawag na “Circular Economy”[2] (CE) sa mga proseso ng pagpaplano at pamumuhunan sa lungsod.

Ang isang pangunahing inobasyon o pagbabago mula sa proyekto ay nakatuon sa pinagsamang pokus nito sa isinaayos na mga alituntunin, pamamahalang pang-klima sa lahat ng antas o “multi-level” (tinatawag na “vertical integration”[3] pati na rin ang tinatawag na “horizontal integration”[4]), at pag-access ng pondo para sa klima, na ipinatutupad sa pamamagitan ng isang pang-rehiyong pagsasama-sama at pagtutulungan ng mga katuwang na bansa at mga tinatawag na “stakeholder”. Ang proyekto ay isinasagawa ng isang konsorsyum o katipunan ng iba’t ibang mga organisasyon na pinangungunahan ng GIZ kasama ang Economic and Social Commission for Asia and the Pacific (ESCAP), United Cities and Local Governments Asia-Pacific (UCLG ASPAC), University of Stuttgart (USTUTT), at Technical University Dortmund (TUD). Ang kabuuang budget ng proyekto ay EUR 34,625,000, kabilang ang EUR 12,000,000 na co-funding o pagbabakas sa pondo, mula sa European Union (EU), para sa bahagi ng proyekto para sa mga bansang CE katulad ng Pilipinas. Ang panahon ng pagpapatupad ng proyekto ay mula Abril 2022 hanggang Disyembre 2027 para sa bahaging pinondohan nang co-funding sa Pilipinas. Ang iba pang mga bahagi ay tatapusin nang mas maaga pagsapit ng Setyembre 2026.

Ang pangunahing layunin ng proyektong “Urban-Act” ay upang higit na pagbutihin ang mga kondisyong nagbibigay-daan (i.e. epektibong balangkas at instrumento ng pamamahala sa klima sa iba’t ibang antas o “multi-level”), para sa pagpaplano at pagpapatupad ng mga pinagsamang mga aksyon sa klima sa lungsod na batay sa ebidensya, ng mga bansang katuwang ng Urban-Act.

---

[1] Walang tiyak na pagsasalin sa wikang Pilipino ang “Mid-term evaluation”, ngunit maaaring maunanwaan ang “mid-term” na sa kalagitnaan ng pagpapatupad o implementasyon ng proyekto. Kaya ang ibig sabihin ng mid-term evaluation ay pagsusuri ng proyekto sa kalagitnaan ng pagpapatupad nito.

[2] Ang “circular economy” ay kinakatampukan ng mga stratehiyang pang-industriya kung saan binabawasan ang produksiyon ng basura at polusyon sa pamamagitan ang patuloy na paggamit ng mga dati nang materyal hangga’t napapakinabangan pa ang mga ito.

[3] Ang “vertical integration” ay ang pag-uugnay na patayo mula itaas pababa, o mula ibaba pataas. halimbawa ay sa national patungo sa lokal, gayun sa lokal patungo sa national.

[4] Ang “horizontal integration” ay ang pag-uugnay na pahalang. Makikita ito sa pag-uugnay-ugnay ng mga ahensiya ng pamahalaan at iba pang mga institusyon.

Nais ng proyekto na makamit ang layuning ito sa pamamagitan ng pagkilos sa tatlong magkakaugnay na antas: mga "pilot cities", "national" at "sub-national" na pamahalan, at "regional" na antas (sa Asia-Pacific). Sa antas ng lungsod, nakatuon ang proyekto sa pagsasama ng mga konsiderasyon sa Pagbabago ng Klima (CC) sa espasyal (spatial) at pangkaunlarang pagpaplano, at sa paghahanda ng mga proyektong pamumuhunan na may kaugnayan sa klima. Ang ebidensyang nalikha sa mga pagsasagawa sa mga "pilot cities" ay ginagamit sa pambansang antas, kung saan pinapabuti ang mga instrumentong pampolisiya, gabay o mga alituntunin, mga serbisyo, at mekanismo ng koordinasyon upang epektibong matulungan ang mga lungsod sa pagtugon sa mababang-carbon at matatag na pagpapa-unlad ng kalunsuran. Sa antas ng rehiyon, itinataguyod ng proyekto ang pagpapalitan ng kaalaman at pagkatuto sa bawat kaanib, at paglaganap ng mabubuting gawain sa mga bansa at mga lungsod na kaanib, at sa buong rehiyon ng Asya-Pasipiko.

Ang layunin ng MTE na ito ay **mapadali ang pagkatuto, mapataas ang pananagutan, at makapag-ambag sa mas mahusay na paggawa ng desisyon** sa lahat ng mga stakeholder na kasapi, sa pamamagitan ng pagbibigay ng impormasyong may kaugnayan sa pamumuno tungkol sa kalagayan ng pagpapatupad, ang pagkamit ng mga layunin, at mga posibleng hamon. Ang mga pangunahing inaasahang gagamit ng mga resulta ng MTE ay ang mismong proyekto at ang mga kaanib nito para sa pamamahala at karagdagang pagsasaayos ng proyekto. Ginagamit ng mga Kagawaran ng Alemanya at ng Zukunft-Umwelt-Gesellschaft gGmbH (ZUG) ang mga resulta ng MTE para sa "knowledge management" o pagsasaayos ng mga kaalaman, sa disenyo ng programa, at pampulitikang pagpatnubay sa proyekto. Ang buod ng ulat ay ilalathala at ipapamahagi sa parlyamento ng Alemanya at sa interesadong publiko.

Nagsimula ang proseso ng ebalwasyon noong Hunyo 2025 at nagtapos sa ulat na ito noong Marso 2026. Sinuri ng MTE ang mga sumusunod na "criteria" o pamantayan sa pagsusuri: 1) "relevance" o kaugnayan (o kung angkop sa kalagayan), 2) pagpaplano, paggabay at "coherence" o pagkakaugnay-ugnay, 3) "effectiveness" o pagiging epektibo o mabisa, 4) "transformational impact" o mga pagbabago, at "sustainability" o pagpapanatili o pagpapatuloy, 5) "safeguards" o mga pananggalang, at 6) "evaluation indicators" o mga karaniwang panukat ng IKI. Kasama rito ang pagsusuri sa mga tanong sa pagsusuri (Evaluation Questions o EQ), mga "indicators" o panukat ng pagsusuri na inilaan sa mga criteria o pamantayan, at mga karagdagan pang tanong sa pagkatuto ("Learning Questions" o LQs) na inilahad ng mga stakeholder sa tinatawag na "inception" o sa pagsisimula ng MTE.

Ang pamamaraang ginamit sa MTE ay ang tinatawag na "theory-based mix methods approach" at gamit ang tinatawag na "contribution analysis". Sa wikang Pilipino maaaring unawain ang pamamaraang ito na pinagsamang mga teorya ng pagusuri gamit ang "contribution analysis" o ang pag-aanalisa ng mga iba't ibang kontribusyon sa pagkamit ng mga layunin ng proyekto.

Kasama sa ebalwasyon ang sistematikong pagsusuri ng "Theory of Change (ToC), ng proyekto, o Teorya para sa Pagbabago, upang suriin ang mga kontribusyon ng mga hakbang para sa inaasahang mga pagbabago. Kabilang sa mga pangunahing pamamaraan ang pagsusuri ng dokumento, pagrebisa ng ToC, mga sama-samang pagninilay, mga semi-structured interviews (o mga panayam na may itinakdang panimulang mga katanungan), at mga Focus Group Discussion (FGD), o talakayan sa maliliit na grupo na kasama ang lahat ng mga kaugnay na grupo ng stakeholder. Ang mga miyembro ng evaluation team o ng koponang MTE ay nagsagawa ng pagbisita sa India, Pilipinas, at Thailand, habang naisagawa ang pagkuha ng mga kaukulang impormasyon sa Tsina at Indonesia sa pamamagitan ng "remote interviews" o mga panayam na malayuan na ginamitan ng teknolohiya (internet o online). Ang mga pagbisita sa mga pilot cities ay nagbigay ng direktang pananaw sa pagpapatupad ng proyekto. Tiniyak ng pamamaraang ito

ang malawak na pangangalap at pagsusuri ng datos, pinagyaman ang pakikilahok ng mga stakeholder, at pinadaloy ang isang makatotohanang pagtatasa ng mga "cause-and-effect relationships" o mga pagtatahi at pag-uugnay ng mga epekto at mga sanhi nito sa masalimuot na konteksto ng proyekto.

## 1.2 Pangunahing natuklasan ayon sa bawat "criteria" o pamantayan ng pagsusuri

**Kaugnayan (Relevance)**: Ang proyekto ay **lubos na may kaugnayan** sa pokus na tema nito, lalo na tungkol sa katatagan ng klima (climate resilience), sa mga lungsod sa harap ng tumitinding panganib at pagkalugi sa mga lungsod na mabilis ang paglaki as Asya. Ang mga paksa, pamamaraan, at instrumento na tinalakay—tulad ng pagpaplano na batay sa banta na dulot ng pagbabago ng klima (climate risk-informed planning), mga solusyong batay sa kalikasan o tinatawag na Nature-based Solutions (NbS), at pag-access sa pananalapi**—ay** direktang **tumutugon sa mga pangunahing hamon** na kinahaharap ng mga lungsod at pamahalaang pambansa at tinutugunan ang kanilang mga pangangailangan. Ang proyekto ay mahusay na nakaayon sa mga pambansang estratehiya at karaniwang panahon o siklo ng pagpaplano, mga agenda na pang-rehiyon (sa Asia-Pacific), at mga pandaigdigang balangkas, kabilang ang Paris Agreement, ang Sendai Framework for Disaster Risk Reduction at ang New Urban Agenda (NUA). Ang natatanging dagdag na halaga ng proyekto ay nakasalalay sa suporta nito para sa **"vertical integration and multi-level climate governance" o ang pagsasanib o pagsasama-sama ng pamamahala patungkol sa klima (climate governance) mula sa itaas hanggang sa ibaba (vertical)**, na tumutulong sa mga umiiral na inisyatiba na mas praktikal dahil nakatuon sa pagpapatupad ng mga ito. Sa praktikal na usapan, ang vertical integration ay nangangahulugang paglikha ng "feedback loops"[5] sa pagitan ng mga antas: ang mga pilot cities ay nagbibigay-impormasyon sa disenyo ng pambansang patakaran batay sa mga totoong limitasyon at karanasan, habang inaayos ng mga pambansang aktor ang mga balangkas, pamantayan, at mekanismo ng pagpopondo upang mas mapadali ang lokal na pagpapatupad. Layunin nitong bawasan ang karaniwang hindi pagkakaugnay sa pagitan ng mga ambisyosong pambansang estratehiya at ng realidad ng lokal na pagpapatupad, kaya't mas nagiging posible at mas napapalawak ang mababang-carbon at matatag na pangkalunsurang pagpapa-unlad. Ang multi-level na pamamahala sa klima ay tumutukoy sa paraan ng paghubog, koordinasyon, at pagpapatupad ng aksyon sa klima sa mga lungsod sa iba't ibang antas ng pamamahala at grupo ng mga aktor—hindi lamang nang patayo (vertical) sa pagitan ng pambansa, panlalawigan, at lokal na pamahalaan, kungdi pati nang pahalang (horizontal) sa iba't ibang sektor at institusyon. Kinikilala ng multi-level na pamamahala sa klima na ang aksyon sa klima sa lungsod ay hindi nakasalalay sa iisang aktor lamang, kungdi nakadepende sa pambansa at pamahalaang panglungsod, mga awtoridad sa panlalawigan o rehiyon, at mga sektor na aktor, halimbawa mula sa transportasyon, pabahay, kapaligiran, at pananalapi. Kasama rito ang pag-uugnay ng mga patakaran, plano, at instrumento sa iba't ibang antas, pagpapabuti ng koordinasyon sa pagitan ng mga institusyon at sektor, at paglilinaw ng mga tungkulin at responsibilidad. Pinahahalagahan ng iba't ibang stakeholder ang pamamaraang ito bilang may kaugnayan o relevant. Ang pakikilahok sa antas rehiyonal, na isinusulong ng mga kaanib sa konsorsyum na ESCAP at UCLG ASPAC, ay itinuturing na mahalaga at angkop para sa pang-rehiyong abot at sakop (regional outreach).

[5] Maaaring unawain ang "feedback loops" bilang sistema ng palitan ng kaalaman sa bawat antas, mula sa ibaba patungo sa itaas at gayundin mula sa itaas patungo sa ibaba upang may pagkakaintindihan at ugnayan ang mga kaganapan sa lahat ng antas.

Ang **pagpaplano,** paggabay, at pagkaka-ugnay-ugnay **(Project planning, steering and coherence),** ng proyekto ay tinatayang **mabuti sa pangkalahatan**. Ang mga kalakasan sa pagpaplano ay kinabibilangan ng malawak at flexible na disenyo na naibabagay o naiaangkop sa mga pangangailangan at konteksto ng bawat bansa, at isang makabagong pokus sa pag-access sa pananalapi. Sa mga bansang kalahok, ang pagpaplano ng Urban-Act ay naiaayon nang mabuti sa mga pambansang balangkas at mga karaniwang panahon o siklo ng pagpaplano sa antas ng lungsod, na nagpadaloy ng koordinasyon at sinigurado na ang proyekto ay tumugon sa mga tunay na oportunidad na pampolisiya (policy windows). Sa mga limitasyon naman ng disenyo ng proyekto ay kabilang ang hindi sapat na pagtakda kung paano itataguyod ang mas malawak na paggamit ng mga pinahusay na pambansang balangkas at mga karanasan ng mga pilot cities. Pangunahin dito, hindi gaanong nabigyang-pansin ang kahalagahan ng sistematikong pagsasanay para sa pagpa-unlad ng kakayahan upang suportahan ang pagpapatupad nito sa lokal na antas, at ang pagsasanib nito sa mga pambansang ahensya. Higit pa rito, tila hindi nasukat nang tama ng disenyo ng proyekto ang oras na kakailanganin para sa pagpapatupad ng pang-rehiyong pag-aaral at pagtututo sa isang napaka-kumplikadong kapaligiran o sistema ng kooperasyon at pagkakaayos ng proyekto. Sa pangkalahatan, maayos naman ang pamamahala ng proyekto. Mayroon nang nakalatag na sistema ng pag-monitor o pagsubaybay na ang batayan ay ang tinatawag na "results-based monitoring system" o may mga itinakda at inaasahang resulta na susubaybayan. Ang mga panloob na istruktura ng pagpapatakbo ng proyekto ay gumagana nang maayos. Gayunpaman, ang pamamahala ng proyekto na kasama ang mga kaanib dito sa mga antas ng rehiyon, pambansa, at lokal ay nalilimitahan ng hindi sapat na kailangang mga instruktura o mekanismo ng pamamahala, ng mga limitasyon sa patayo (vertical) at pahalang (horizontal) na koordinasyon. Sa pangkalahatan, maayos ang pamamahala ng kooperasyon, kahit na ang usaping patungkol sa kooperasyon ay masalimuot at may pagkakahiwa-hiwalay din. Pinahahalagahan ng mga stakeholder ang kakayahan ng proyekto na matipon ang lahat ng kalahok nito, na nagbubuwag sa pagkakanya-kanya ng mga sector - isang pangunahing kinakailangan para sa pamamahala patungkol sa klima sa iba't ibang antas (multi-level climate governance). Aktibo at matagumpay na hinahanap ng proyekto ang mga sinerhiya o ang pagsasama-sama ng mga lakas ng iba't ibang stakeholder, kabilang ang mga pambansa at pandaigdigang inisyatiba.

**Ang bisa (Effectiveness),** ay tinatayang mabuti at maayos din. Ang proyekto ay nakabatay sa pangkalahatang matibay na lohika o pag-uugnay ng mga resulta. Bagaman naantala ang pagpapatupad, dahil sa pagkaantala ng mga proseso ng pag-apruba, ang lahat ng pangunahing gawain ay isinasagawa na ngayon at malaki ang naging pagbilis ng pagpapatupad ng proyekto. May mga nakikita nang mga paunang resulta. Dahil maayos na isinasagawa ang pagkamit ng mga "output" o ang mga direktang resulta mula sa mga aktibidad ng proyekto, ay di malayong makakamit ang mga inaasahang "outcome" na epekto naman ng mga output. Ang pokus ng Output 1 ay kasalukuyang nakatuon sa pagbuo o pagrebisa ng mga gabay o alituntunin na angkop sa bansa tungkol sa iba't ibang paksa kaugnay ng pagpa-plano. Sa Output 2, ang mga pilot cities ay bumubuo ng mahahalagang dokumento sa pagpa-plano, at sa Output 3, ang mga lungsod ay bumubuo ng mga "project concepts" o mga posibleng proyekto para mag-apply ng pondo para sa mga paunang pag-aaral (feasibility studies), ng kakayahang teknikal at pinansyal para sa pamumuhunan sa aksyon para sa klima sa lungsod. Bagaman ilang mga panukala na ang naisumite, magkahalo ang mga resulta: may mga hindi tinanggap, ngunit mayroon ding mga nagtagumpay. Kabilang dito, halimbawa, ang isang panukalang proyekto patungkol sa pagsasaayos ng basura mula sa Bacolod sa Pilipinas na napili ng C40 Cities Finance Facility (CFF),

at ang panukala sa pamamahala ng basura sa anim na lungsod ng Indonesia-Malaysia-Thailand Growth Triangle (IMT-GT) na tinanggap ng City Climate Finance Gap Fund (Gap Fund) para sa paunang pag-aaral ng kakayahang magawa ito. Sa Output 4 naman, halos natapos na ang isang serye ng pagsasanay sa rehiyon, habang nagsimula na ang rehiyonal na pag-papares ng mga lungsod (city-to-city pairing), noong Agosto 2025, matapos magkaintindihan ng mga prayoridad ang mga lungsod, upang ang pag-papares ay maaaring planuhin nang estratehiko (ayun sa pagkakatugma ng mga prayoridad). Bagaman maaaring makamit ang mga panukat ng outcome (outcome indictors) sa pagtatapos ng proyekto, hindi pa tiyak sa ngayon kung hanggang saan ang mga output ay hahantong sa mga inaasahang resultang outcome, lalo na dahil sa kakulangan sa kapasidad ng mga lungsod at sa limitadong mga pambansang estratehiya sa pag-abot sa mga nasasakupan, ng mga bansang kaanib. Sa ngayon hindi pa malinaw kung hanggang saan ang mga pinaigting na mga patakaran at mga instrumentong pampolisiya, pati na mga pambansang alok at panukala para sa mga pagsasanay, ay maisasakatuparan na epektibong matatanggap ng mga lungsod.

**Mga pagbabagong dulot at pagpapanatili (Transformational Impact and Sustainability)**: Ang pamantayang ito ay tinatayang katanggap-tanggap, sa dahilang may mga nakikitang mga bagay na tila walang katiyakan (uncertainties), at mga banta (risks) na may kaugnayan sa epekto ng proyekto at pagpapanatili o pagpapatuloy (sustainability). Ang kasalukuyang antas ng pagpapatupad ay may ipinapalagay lamang na mga maaaring mangyari, dahil hindi pa talaga nagaganap ang mga inaasahang pagbabago. Ipinapalagay ng Evaluation Team na malamang na makakamit ang mga inaasahang resulta patungkol sa usaping pang-klima pati na ang mga kaakibat na mga benepisyong pang sosyo-ekonomiko (socio-economic benefits) sa mga pilot cities kung makakakuha ng pondo at maisakatuparan ang mga plano. Sa pambansang antas (national level), hindi pa tiyak na magaganap ang mga inaasahang pagbabago, dahil hindi pa sigurado kung ang mga instrumentong pampolisiya o patakaran na binuo ng proyekto ay pormal na aayunan at gagamitin ng mga kaanib na mga institusyon bilang mga instrumentong pampatupad ng patakaran. May posibilidad na ang mga plano ng lungsod at mga instrumentong pampatupad ng patakaran ay mananatiling nakatabi nang hindi nagagamit dahil sa kakulangan ng mga estratehiya sa pakikipag-ugnayan at limitadong kakayahan para sa sistematikong aplikasyon. May ilang limitasyon sa paraan ng pagtugon ng proyekto sa mga pagbabagong istruktural, institusyonal, at pag-uugali na kinakailangan para sa mas malawakang epekto. Bagaman nakatutulong ang proyekto sa pagpapanatili o sa pagpapatuloy nito sa pamamagitan ng mga kasunduan sa kooperasyon ng mga institusyon, mga sinimulang pamamaraan ng pamumuhunan, mga follow-up at pagsubaybay, at pinatibay na mga rehiyonal na plataporma o programa, ang kakulangan sa usaping pinansiyal at kapasidad—lalo na sa maliliit at katamtamang-laking mga lungsod—ay banta sa pangmatagalang pagpapatuloy ng proyekto.

**Mga pananggalang at pamantayang panukat (Safeguards and Standard Indicators)**: Ang mga pananggalang panlipunan at pangkapaligiran (social and environmental safeguards), sa pangkalahatan ay maayos na naipatupad. Ang mga aspeto ng pagkakapantay-pantay ng kasarian, pagsama sa mga may kapansanan, at ng pagsama o pagbilang ng lahat sa lipunan (Gender Equality, Disability and Social Inclusion [GEDSI]) ay isinama sa disenyo at pagpapatupad ng proyekto, na sinuportahan ng isang masusing pag-aaral, mga focal point[6], at mga module ng

[6] Ang mga “focal point” ay mga itinalagang mga mangunguna sa usaping GEDSI.

pagsasanay tungkol dito. Gayunpaman, nananatiling limitado ang aspetong pampartisipasyon, kung saan ang mga apektadong grupo ay karaniwang binibigyan lamang ng impormasyon at hindi talaga kasali sa paggawa ng mga desisyon, na naglilimita sa bisa at epekto. Tungkol naman sa mga pamantayang panukat (standard indicators), kaugnay sa bilang ng mga taong natulungan sa pamamagitan ng pagsasanay at sa pinansyal na nagamit, ay angkop at makatotohanang nasusukat sa loob ng takdang panahon ng proyekto. Ang kontribusyon sa iba pang pamantayang indikador o panukat ay ipinapalagay na makikita lamang sa mas mahabang panahon.

## 1.3 Pangunahing mga konklusyon at rekomendasyon

**Konklusyon:** Sa kabuuan, ang mga natuklasan ay masasabing positibo bagama't may mga ilang kakulangan. Karamihan nito'y naaabot ang mga inaasahang resulta. Binibigyang-diin ng MTE ang kaugnayan o pagiging angkop (relevance) ng proyekto, at positibo ang MTE tungkol sa pagkamit ng mga output. Sa pangkalahatan, mataas ang kasiyahan sa proyekto sa mga pambansa at pang-lungsod na mga antas. Ang mga sumusunod ay mga nakikitang kalakasan ng proyekto:

- Nakita ang mga angkop na oportunidad at ang tamang punto ng pagpasok (entry points) na kasalukuyang pinagtutuunan ng pansin.
- Ang mga stakeholder o kaanib sa proyekto ay may pagkilala at pag-angkin (ownership), sa proyekto at ang pamamaraan ay nakatuon sa pagtutulungan ng bawat kasapi (partner-oriented).
- May mataas na antas ng tiwala sa mga kaanib (partners) sa mga pambansa at lokal na mga antas.
- Ang pangkat na nagpapatupad sa proyekto ay may mataas na dedikasyon, flexible[7], sensitibo, at propesyonal (GIZ at mga implementing partners).
- Pinahahalagahan nang lubos ang CD at ang pag-access sa bagong kaalaman. Maraming mga natututuhan sa iba't ibang pamamaraan.

Mayroon ding mga limitasyon kaugnay ng pamamaraan at pagpapatupad ng proyekto. Kabilang sa mga pangunahing limitasyon ang mga sumusunod:

- Mga kakulangan sa disenyo ng proyekto, lalo na sa estratehiya ng upscaling o pagpapalawak ng mga pilot, at sa estratehiya ng pagpapalaganap ng mga instrumentong pangpatakaran o pampolisiya.
- Mga nasayang na oportunidad sa palitan ng kaalaman sa pagitan ng mga pilot cities at mga kaanib sa pagpapatupad.
- Ang mga pagkaantala sa karamihang deliverables, o sa mga inaasahang kailanganin, na ngayon ay parang nasa umpisang bahagi pa lamang ngunit kakaunti na ang natitirang oras para sa konsolidasyon o pagtitipon ng mga ito.
- Sa ngayon, hindi pa nabibigyan ng sapat na pansin ang usaping pagpapatuloy (sustainability) at estratehiya sa pagtatapos (exit strategy).

Sa pagtanaw sa hinaharap, kailangang gamitin ng proyekto ang natitirang panahon nito para mag-pokus sa konsolidasyon ng mga resulta at sa pagtiyak ng paggamit ng mga output at pagkamit ng

[7] Ang gamit ng "flexible" dito ay maaarining maunawaan bilang bukas ang isip at hindi sarado. Ang gamit naman ng salitang "sensitibo" ay maaaring maunawaan bilang "nakabantay sa anumang mga isyu at mga pangangailangan",

mga outcome na nakatuon sa pagpapatuloy ng mga resulta. Kasama sa mga mahalagang gawain ang pagtatatag ng mga alituntuning pampolisiya na isinasagawa ng mga kaanib na sistema at aktibong pinalalawak at isinasagawa.

**Mga pangunahing rekomendasyon sa Urban-Act**

- **Magbigay ng karagdagang suporta sa mga pilot na lungsod (pilot cities) na may malinaw na pokus sa tinatawag na "implementation readiness" o kahandaan ng mga ito sa pagpapatupad**: Dapat palakasin ng pamunuan ng proyekto ang direktang suporta sa mga pilot cities sa pag-pinalisa ng mga planong espasyal (spatial), at pangkaunlaran pati na rin sa pagsasaayos at pagpuno ng mga concept note upang ang mga ito'y maging "fundable" o maaaring pondohan. Dapat unahin ng suportang ito ang pagpapalakas ng mga kakayahan ng mga lokal na kawaning teknikal, upang kusang ma-i-apply nila ang mga kasangkapan, gabay, at pamamaraan sa pagpaplano.
- **Patuloy na pagsasagawa ng mga pambansang alituntuning praktikal na angkop sa pangangailangan:** Dapat pang paghusayin ang mga pambansang alituntunin upang matiyak na ito ay maipatutupad, angkop sa pangangailangan, at direktang magagamit ng mga lungsod. Sa halip na ituring ang mga alituntuning ito bilang pinakahuling produkto, ang pagbubuo nito ay dapat idisenyo bilang isang pabalik-balik na proseso na aktibong nagpapalakas ng ugnayang national at pang-lungsod (vertical integration).
- **Palakasin ang tinatawag na vertical at horizontal integration (patayo at pahalang na ugnayan) ng mga tagapagsiganap sa pamamagitan ng proseso ng pagbubuo ng mga alituntunin:** Gamiting maayos at kapaki-pakinabang ang proseso ng pagbubuo ng mga alituntunin upang mapabuti ang vertical integration (pambansa at lokal na kooperasyon) at horizontal coordination sa iba't ibang ahensiya at departamento.
- **Isulong ang praktikal na aplikasyon sa pamamagitan ng takdang pagsasanay at pagpapataas ng kamalayan:** Upang matiyak ang tuloy-tuloy na paggamit ng mga output ng proyekto (tulad ng mga gabay, pamamaraan, at kasangkapan), dapat bumuo ng mga praktikal na module ng pagsasanay at isama ang mga ito sa mga pambansang institusyon bilang isang malinaw na estratehiya para sa pagpapatuloy (para sa exit) at pagpapalawak.

**para sa IKI/ZUG/BMUKN**

**Tungkol sa proyektong Urban-Act:**

- **Isaalang-alang ang pagpapalawig pa ng proyekto ng humigit-kumulang isang karagdagang taon, hanggang 12/2027:** Dahil sa naantalang pagsisimula ng buong implementasyon at sa pagiging kumplikado ng mga layuning isinusulong, ang ganoong pagpapalawig ay magbibigay ng mahalagang panahon upang pag-ibayuhin ang mga resulta na kasalukuyang lumilitaw pa lamang. Papayagan nito ang pagwawakas, pag-apruba, at pag-angkla sa institusyon ng mga pambansang alituntunin, metodolohiya, at kasangkapan, pati na rin ang pagsasama ng mga module ng pagsasanay at mga pamamaraan ng pagsasanay, ng mga tagapagsanay sa loob ng mga pambansang institusyon.

**Tungkol sa pagpapalalim ng mga panawagang panukala (call for proposals) at para sa pagbalangkas ng mga katulad na rehiyonal na inisyatiba sa hinaharap:**

- Dapat planuhin ang mga inisyatibang ito nang may **mas mahabang saklaw ng panahon**, na pinakamainam ay mga walong taon, na nahahati sa dalawang yugto. Ang unang yugto ay maaaring magpokus sa pagpa-pilot, pagpapalakas ng kakayahan, at pagsusubok ng mga pamamaraan, habang ang ikalawang yugto naman ay nagbibigay-daan sa konsolidasyon, institusyonalisasyon, at pagpapalawak.
- Upang palakasin ang rehiyonal na pag-aaral (regional learning), **dapat** sistematikong **gamitin ang mga** umiiral na **organisasyon at platapormang pang-rehiyon** bilang mga institusyonal na panangga (institutional safeguards). Ang pag-aangkla ng palitan at pagpapalaganap ng mga kaalaman sa ganitong mga estruktura ay nagpapalakas ng pagmamay-ari (ownership), pagpapatuloy, at pagpapanatili (sustainability), lampas pa sa mga indibidwal na siklo o takdang panahon ng proyekto.
- Ang **pagpili ng mga bansang lalahok** ay hindi dapat batay lamang sa kaugnayan (relevance), at pangangailangan (demand), kungdi pati na rin sa bukas na pakikitunguhan (complementarity) at malinaw na layuning makiisa sa sama-samang pag-aaral sa kabila ng mga posibleng tensyong pampulitika. Pinakamabisa ang palitang ito sa rehiyon kapag ang mga bansang kaanib ay may maibabahaging iba’t ibang kalakasan at karanasan at nakahanda sa pagbabahagi ng kaalaman at pagkatuto sa isa't isa.